


# Pag-oonline at Paglahok sa mga Webinar

JAMES ISRAEL ALIM

**Panimula**

Lubha tayong naapektuhan ng pandemiyang COVID-19, kasama na rito kung paano natin ginagawa ang ating mga pagpupulong at pakikisalamuha sa isa't-isa. Dulot ng mga paghihigpit sa paglalakbay at pagtitipon-tipon gayundin ang pagkakaroon ng mga mahigpit na mga patakarang pangkalusugan, kinailangan nating humanap ng paraan para makapagpatuloy sa ating mga gawain. Isa sa mga nakitang solusyon ay ang pagsasagawa ng mga gawain *online* o sa tulong ng *internet.*

Sa kaso ng proyekto ng VOICE, ang mga gawaing pagsasanay ay dapat gagawin sa pamamagitan ng harapang mga pagtitipon kasama ang mga napiling kalahok mula sa mga katutubong pamayanan. Subalit dulot ng mga paghihigpit at ating hakbangin sa pag-iingat, minabuti nating subukan ang pagsasagawa nito sa pamamagitan ng *webinar* para maipaabot pa rin sa mga kalahok ang mga pagsasanay.

Sa panimulang modyul na ito, tatalakayin natin ang mga paghahanda at mga hakbang sa pag-oonline at pakikilahok sa mga *webinar.*

**Mga Paraan ng Komunikasyon**

- **Harapang komunikasyon:** Ito ang karaniwan nating ginagawa sa pamayanan at sa ating trabaho. Tayo ay nagsasagawa ng mga pagpupulong, kumperensya, mga *seminar,* mga sesyon ng pagsasanay, at mga dayalogo kasama ang mga kalahok. Sa madaling sabi, sa ganitong paraan tayo sanay dahil ito ang pangkaraniwan nating pagsasagawa ng gawain. Sa kasamaang palad, sa pangangailangang sumunod sa mga patakaran ng pamahaalan patungkol sa paglalakbay at pagtitipon-tipon at sa ating pag-iingat, mainam na hindi muna natin gawin sa ganitong paraan ang pagsasanay na ito.

- **Hindi harapang komunikasyon:** Ito naman ang paraan ng pakikisalamuha natin sa isa't-isa kung saan hindi natin harapang nakikita at nakakausap ang isa't-isa; karaniwan itong ginagawa sa tulong ng teknolohiya. Maaari nating isipin na bagong paraan ito ngunit ginagawa na natin ito noon pa. Halimbawa, ang pagpapadala ng *text* o pagtawag sa mga tao gamit ang mga ating mga *cellular phone* ay maituturing na hindi harapang komunikasyon. Ang pakikisalamuha gamit ang Facebook at/o ang Messenger ay isa ring anyo nito. Para sa pagsasanay na ito, tayo ay magtitipon-tipon at mag-uusap gamit ang hindi harapang komunikasyon sa anyo ng *webinar.*

**Mga Webinar**

Ang salitang *webinar* ay nanggaling sa paghahalo ng mga salitang "web" at "seminar." Sa madaling salita, ang *webinar* ay nangangahulugan na isang seminar na isanasagawa *online* o sa pamamagitan ng *internet* na tinatawag ding *worldwide web.*

Para mas maintindihan kung ano ang isang *webinar*, isipin lang kung paano isinasagawa ang isang *seminar* dahil ganoon din naman ang isang *webinar* – mayroong programa at mga taong nagpapadaloy at/o nagtatalakay sa paksa.

Naiiba lang ang kung saan isinasagawa ang programa. Sa isang *seminar,* lahat ng mga taong kasangkot ay nasa iisang lugar ngunit sa isang *webinar*, ang mga kasangkot ay nasa iba't-ibang lugar ngunit magkakasama sa isang birtuwal na silid na ginagawang posible ng teknolohiya at ng *internet.*

Ang pagsasagawa ng pagsasanay sa pamamagitan ng webinar ay mayroong mga kaakibat na benepisyo at hamon.

| Benepisyo | Hamon |
|---|---|
| Hindi na masyadong kailangang maglakbay | Lubhang nakaasa sa kuryente at *internet* |
| Hindi masyadong apektado ng mga patakaran sa paglalakbay at pagtitipon-tipon | Pagiging hindi pamilyar ng mga kalahok sa teknolohiya |
| Mas kaunting pagkalantad (*exposure*) sa COVID-19 virus | Madaling magambala at mawala ang konsentrasyon ng mga kalahok kaya malaking salik ang pagpili sa pook na pagdarausan |
| Mas kakaunti ang gastusin | Mahirap tantiyahin ang pakiramdam ng bawat isa dahil hindi tuwirang nakikita ang isa't-isa (Hindi nakikita ang mga mata, ang ekspresyon ng mukha, at wika ng katawan.) |
| Nagbibigay ng pagkakataon sa mga kalahok na sumubok ng mga alternationg paraan ng pakikisalamuha | Dahil nasa iba't-ibang lugar ang mga kalahok, mas mahirap para sa mga tagapagpadaloy ng programa ang kumapa sa sitwasyon ng mga kalahok (kabilang na ang antas ng kanilang pagkasangkot) sa buong panahon ng pagsasagawa ng pagsasanay |

### Pakikilahok sa mga Webinar

Maraming maaaring pagpilian sa pagsasagawa ng isang webinar. Para sa VOICE project, minabuti nating gamitin ang isang application o app na tinatawag na Zoom.

Nagsisimula ang pakikilahok sa mga webinar sa pagset-up ng kagamitan, pagkonekta sa internet, at ang lugar kung saan magtitipon-tipon ang mga kalahok para sa pagsali sa *webinar*.

### Hakbang 1: Pagkonekta sa Internet

Ang unang hakbang sa paglahok sa isang *webinar* o pagpupulong sa Zoom ay ang pagkonekta sa *internet.*

⇒ Kung mayroong *internet* sa pagdarausan ng pagtitipon, kumonekta sa *Wi-Fi.*

⇒ Kung walang internet sa lugar, siguruhing makakakonekta sa *Cellular Data*, o ang *internet* na maaaring gamitin ng mga *cellular phone* at *tablet.* Kung ito ang gagamitin, siguruhin lang na mayroon kayong sapat na *load* at may sapat na baterya ang *cellphone* o *tablet.*

⇒ Ang *Wi-Fi* at *Cellular Data* ay maaaring isaayos sa pamamagitan ng pagpunta sa "***Settings***" o "***Network Settings***" ng *cellular phone* o *tablet.* Malalaman mo kung ikaw ay nakakonekta na sa internet kung nakakagamit ka na ng Facebook, Gmail, o Zoom.


### Hakbang 2: Pagsali sa Zoom Meeting

May dalawang paraan para makasali sa isang pagpupulong sa Zoom (Zoom Meeting).


*Paraan 1: Pag-click sa **link** na ipinadala sa iyo*

⇒ Kung gumagamit ng *laptop* o *computer,* hindi na kailangan ng Zoom application o Zoom account para makasali sa isang pagpupulong.

⇒ I-click ang *link* sa imbitasyong ipinadala sa iyo sa email (Gmail) o Facebook/Messenger. Ito ang isang halimbawang *link* na ipinadala sa Messenger:





⇒ Matapos ang pag-click, ikaw ay mapupunta sa isang webpage na nagsasabing *"Click Open Zoom Meetings on the dialog shown by your browser. If you don't see a dialog, click Launch Meeting below."* Kung hindi kusang bumukas ang Zoom *application*, i-*click* lang ang "***Launch Meeting."***




*Isang halimbawang webpage na iyong makikita matapos mong i-click ang link.*

⇒ Kung ang *meeting room* ay nangangailangan ng ***passcode***, i-*type* lang ang *passcode* na matatagpuan sa imbitasyong ipinadala sa iyo. Sundin ang pagkakasulat ng *passcode,* kung maliit o malalaki ang titik nito.

⇒ Kung ikaw naman ay susubok na pumasok sa meeting room bago ang nakatakdang oras, mayroong lalabas na dialog box tulad ng nakikita sa ibaba. Maaari mong gamitin ang panahong ito upang i-testing ang iyong mikropono at ang iyong *speaker*, i-*click* lang ang "***Test Computer Audio."***





*Isang halimbawa ng dialog box na lalabas kapag hindi pa bukas ang Meeting Room. Kapag lumabas ang dialog box na ito, nangangahulugang makakapasok ka kaagad sa Meeting Room kapag nagbukas na ito.*

*Paraan 2: Pagsali sa Pamamagitan ng Zoom Application*

⇒ Isa pang paraan para makasali sa isang Zoom meeting ay sa pamamagitan ng Zoom *application* at pag-*click* sa *"**Join a Meeting**"* o *"**Join.**"*




⇒ Makikita ang ***Meeting ID*** at ***Passcod**e* sa ipinadalang imbitasyon. Una, i-*type* ang ***Meeting ID*** at ang iyong pangalan. Matapos nito ay i-*click* ang ***"Join Meeting."***





⇒ Kung kinakailangan ang *passcode* sa meeting room, i-*type* lang ang *passcode* na nasa imbitasyon. Sundin ang pagkakasulat ng *passcode,* kung maliit o malalaki ang titik nito.


⇒ Kung ikaw naman ay susubok na pumasok sa *meeting room* bago ang nakatakdang oras, mayroong lalabas na *dialog box* tulad ng ipinakitang halimbawa sa taas kanina. Maaari mong gamitin ang panahong ito upang i-testing ang iyong mikropono at ang iyong *speaker*, i-*click* lang ang ***"Test Computer Audio."***

**Mga Payo sa Paggamit ng Zoom**


⇒ Kapag ikaw ay nasa Zoom *meeting room* na, kakailanganin mong pindutin ang ***"Join Audio"*** button na matatagpuan sa gawing ibabang kaliwa ng iyong screen at i-*click* ang ***"Call Over Internet"*** o ***"Call In Via Device"*** upang bumukas ang iyong mikropono at speaker.




⇒ Matapos gawin ang naunang hakbang, ang *button* ay magiging ***"Mute/Unmute"*** na maaari mong pindutin para patayin o buksan ang iyong mikropono. Siguruhin na naka-*mute* o nakapatay ang iyong mikropono kapag hindi kinakailangang magsalita at naka-*unmute* o nakabukas naman kapag magsasalita. **Tandaan na ang button ay nagpapahiwatig na ngayon kung ano ang maaari mong gawin at HINDI ang iyong kasalukuyang ginagawa.** Ibig sabihin, kung ang button ay nagsasabi ng *"**Mute**,"* bukas na ang iyong mikropono at naririnig ka na ng lahat ng kalahok; kung pipindutin mo ang button, magsasara naman ang iyong mikropono. Sa kabilang banda, kung ito naman ay nagsasabi ng *"**Unmute**,"* ibig sabihin ay nakasara ang iyong mikropono, at kung pipindutin mo ito ay bubukas naman ang iyong mikropono.




⇒ Sa tabi ng *Mute/Unmute button* ay naroroon ang ***"Start/Stop Video"*** na pindutan naman para sa pagbubukas ng kamera at pagbabahagi ng *video*. Katulad ng mga *Audio button*, ang pag-click ng ***"Start Video"*** ay nangangahulugang pagbukas ng kamera at pagbabahagi ng video samantalang ang pagclick naman ng *"**Stop Video**"* ay pagsara ng kamera at hindi pagbabahagi ng *video*. ***Isang payo: Kung mabagal ang inyong internet, huwag nang magbahagi ng video.***



## Iskedyul ng Programa

Para sa serye ng mga webinar, ang mga sumusunod na paksa na lumabas sa naging pagsusuri sa pangangailangan ng mga kalahok ay tatalakayin:

- Pag-oonline at Paglahok sa mga Webinar
- Pagsusulat ng Tala (Notes) sa mga Pagpupulong
- Pagbabasa at Pagsusuri ng mga Mapa
- Pagsusuri at Pagsusulat ng mga Polisiya
- Indigenous Peoples Rights Act (IPRA)
- Malaya, Nauuna, at Maalam na Kapahintulutan (FPIC)
- Pangangalaga sa Kagubatan at Buhay-ilang
- Expanded National Integrated Protected Area System (ENIPAS)
- Pagsulat ng mga Panukalang Proyekto
- Pag-intindi sa mga Financial Statements ng mga Social Enterprises
- Kabayaran sa mga Pag-aaring Intelektwal ng mga Katutubong Komunidad
- Kabayaran sa mga Serbisyong Ekolohikal (PES)
- Pagsasalita sa Publiko
- Paghahanda sa mga Panayam sa Radyo at Telebisyon
- Pagharap sa Media
- Pagsasagawa ng mga Epektibong Pagpupulong
- Batayang Kaalaman sa Pagpupulong at Pagtatakda ng Agenda
- Batayang Pamamaraang Parliyamento.

Ito naman ang disenyo ng programa sa bawat sesyon ng pagsasanay:

- Pagbubukas ng Programa
- Pagsasanay: Talakayan
- Tanungan kasama ng Tagapagsanay
- Pagsusuri sa Sesyon ng Pagsasanay

Matapos ang bawat sesyon ng *webinar,* bibigyan ang mga kalahok ng pagkakatarong suriin ang naging pagsasanay batay sa nilalaman nito at ang paraan ng paghahatid nito. Ang mga pagsusuri ay gagamiting batayan ng pagsasagawa ng pagsasanay sa mga susunod na webinar upang mapabuti ang bawat sesyon.

Matapos ang buong serye ng mga webinar, magkakaroon ng kabuuang pagsusuri na siya namang gagamiting batayan sa pagsasagawa ng pagsasanay para sa mga susunod na kalahok sa hinaharap. □

### Mga Payo sa Pakikilahok sa mga Webinar

- Palaging i-charge ang *tablet*, *speaker*, at *powerbank* bago ang sesyon ng *webinar*. Kung maaari, gawin ang pag-*charge* sa araw o gabi bago ang nakatakdang pagtitipon.
- Gamitin ang oras ng *break* ng sesyon sa pag-*charge* ng mga kagamitan kung kinakailangan.
- Kung maaari, bawasan ang mga ingay sa paligid.

## Iba Pang Online Applications

Narito ang iba pang online applications na maaari ninyong gamitin sa pag-oonline:

- Facebook at Messenger
- Skype at Skype Web
- Google Hangouts
- WhatsApp
- Viber



Ang learning material na ito ay inihanda ni G. James Israel Alim para sa proyektong *"Recognizing the Indigenous Communities behind the Conservation of Nature: A Project Pursuing the Full and Effective Participation of Indigenous Communities in the Implementation of the Expanded National Integrated Protected Areas System."* Isinagawa ang proyekto ito sa pagtutulungan ng ANGOC, Bukluran, at PAFID. Ang proyektong ito ay suportado ng Sudden Opportunity Grant Facility of VOICE, na isang inisyatibo ng Netherlands Ministry of Foreign Affairs na isinakatuparan sa isang consortium sa pagitan ng OXFAM Novib at Hivos.

Ang mga pananaw at opinyon na inihayag sa materyal na ito ay hindi sumasalamin sa pananaw ng VOICE, Netherlands Ministry of Foreign Affairs, OXFAM Novib, at Hivos.

**Citation**

Alim, J.I. (2020). *Pag-oonline at Paglahok sa mga Webinar.* ANGOC, BUKLURAN, PAFID, and VOICE. [Learning material prepared for the project, Strengthening the Role of Indigenous Peoples and Their Communities in Nature Conservation].

The Asian NGO Coalition for Agrarian Reform and Rural Development (ANGOC) a regional association of national and regional networks of civil society organizations (CSOs) in Asia actively engaged in promoting food sovereignty, land rights and agrarian reform, sustainable agriculture, participatory governance, and rural development. ANGOC member networks and partners work in 10 Asian countries together with some 3,000 CSOs and community-based organizations (CBOs). ANGOC actively engages in joint field programs and policy discussions with national governments, intergovernmental organizations (IGOs), and international financial institutions (IFIs).

33 Mapagsangguni Street, Sikatuna Village, Diliman, Quezon City 1101 Philippines
Tel: +63-2 8351 0581 | Fax: +63-2 8351 0011 | Email: angoc@angoc.org
Website: www.angoc.org

The formation of Bukluran Para sa Pangangalaga ng Kalikasan ng Pilipinas (BUKLURAN, Inc.) or the Philippine Indigenous Peoples Community Conserved Territories and Areas Consortium (Philippine ICCA Consortium) is a nationwide network of community membership-based indigenous people's organizations (IPOs) of all ethnographic types. It is premised on bringing together indigenous peoples who assert and utilize traditional governance to protect community-conserved areas. Common to its members is the shared view that indigenous peoples' survival depends on the protection of valuable knowledge systems and the ancestral lands on which we thrive and persist. Our community-conserved areas can become the ultimate driving force in the conservation of biodiversity when our rights to our land and resources are respected and recognized.

Our main purpose is to carry out and realize the full recognition and respect for the rights, governance and self-management of our ancestral lands.

c/o PAFID: 71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406

Philippine Association for Intercultural Development, Inc. (PAFID) is a social development organization which has been assisting Philippine indigenous communities to secure or recover traditional lands and waters since 1967. It forms institutional partnerships with indigenous communities to secure legal ownership over ancestral domains and to shape government policy over indigenous peoples' issues. PAFID works exclusively with the indigenous peoples' sector, specifically upon written or signed requests for assistance from indigenous communities or their representatives. PAFID envisions indigenous communities as responsible stewards of their resources.

71 Malakas Street, Diliman, Quezon City, Philippines
Tel: +63-2 89274580 | Fax: +63-2 84355406
Email: pafid@skybroadband.com.ph | Website: www.pafid.org.ph